

Aksesibleng Pagboto sa San Francisco

Ang polyetong ito ay naglalaman ng ilan sa mga mapagkukunan ng impormasyon na inilaan ng Departamento ng mga Eleksyon para tulungan ang mga taga-San Francisco na makibahagi sa mga eleksyon nang pribado at malaya.

Para makipag-ugnay sa Departamento, o sumali sa Komite ng Tagapayo sa Aksesibilidad sa Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee, VAAC) at tumulong na mapabuti pa ang aksesibilidad ng mga serbisyong pang-eleksyon sa San Francisco:



Tumawag sa (415) 554-4310/TTY: (415) 554-4386



Mag-email sa SFVote@sfgov.org



Bumisita sa City Hall, Room 48 (lahat ng pasukan ay aksesible)



Magpunta sa sfelections.org

1. Pagpaparehistro upang Makaboto

Para makapagparehistro upang makaboto sa California, kailangang ang isang tao ay: 1) mamamayan ng U.S., 2) residente ng California 3) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon, 4) hindi kasalukuyang nakakulong dahil sa hatol na felony, at 5) hindi napatunayan ng isang hukuman na kasalukuyang walang sapat na kakayahan ang pag-iisip para bumoto.

Maaaring magparehistro ang mga elihibleng taga-San Francisco online o sa pamamagitan ng koreo hanggang 15 araw bago ang susunod na eleksyon. Pagkatapos ng petsang iyon, kailangan na nilang magparehistro nang personal sa isang sentro ng botohan o lugar ng botohan, at bumoto habang sila ay naroroon.

Ang botanteng walang kakayahang pumirma sa kanilang form ng rehistrasyon ay maaaring maglagay ng pantukoy na marka na may kasamang pirma ng isang saksi na edad 18 taong gulang o higit pa, o gumamit ng kanilang stamp para sa pirma.

- ✓ Makipag-ugnay sa Departamento ng mga Eleksyon para makatanggap ng isang papel na form ng rehistrasyon sa pamamagitan ng koreo o bisitahin ang registertovote.ca.gov upang punan ang isang aplikasyon online.

2. Aksesibleng Impormasyon tungkol sa Eleksyon

Isang buwan bago ang bawat eleksyon, nakatatanggap ang mga botante ng San Francisco ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (Voter Information Pamphlet, VIP) at Halimbawang Balota na may impormasyon tungkol sa mga lokal na kandidato at mga panukala sa balota. Para sa mga eleksyong pang-estado, nakatatanggap din ang mga botante ng isang Gabay na Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide, VIG) na may impormasyon tungkol sa pang-estado at pampederal na mga katungkulan at pang-estadong mga panukala sa balota. Parehong mayroon sa maraming aksesibleng mga format ang VIP at VIG.

- ✓ Para ma-access ang HTML, XML, o PDF Filipino VIP, pumunta sa sfelections.org/vip.
- ✓ Para humiling ng malaking imprentang VIP, tumawag sa (415) 554-4310/TTY: (415) 554-4386.
- ✓ Para ma-access ang PDF Filipino VIG, pumunta sa voterguide.sos.ca.gov/asl/.
- ✓ Para humiling ng audio ng VIG o malaking imprenta, tumawag sa (800) 833-8683/TTY/TDD: (916) 657-2166 o pumunta sa voterguide.sos.ca.gov/en/alt-versions/.

3. Mga Opsiyon sa Aksesibleng Pagboto

A. Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon, nakatatanggap, sa pamamagitan ng koreo, ang mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo ng mga pakateng naglalaman ng opisyal na balota, mga instruksiyon, isang sobre na bayad na ang selyo, at isang “Bumoto Ako” na sticker.

Maaaring ma-access ng mga botanteng may kapansanan ang bersyon ng kanilang balotang nababasa sa screen sa pamamagitan ng aksesibleng sistemang vote-by-mail sa sfelections.org/access. Kailangang i-print ang namarkahang balota, ilagay sa pambalik na sobre, at ibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

Maaaring humiling ang mga botante ng malaking imprentang balota sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Departamento ng mga Eleksyon.

B. Pagboto nang personal

Ang bawat lugar ng botohan ay mayroong kagamitan para sa aksesibleng pagmarka ng balota na maraming mga katangian:

- Multilingguwal na touchscreen navigation na maaaring baguhin ang laki ng teksto at kulay ng background
- Multilingguwal na audio navigation na may Braille-embossed keypad at privacy headphone (paraang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng salita at sensitibong hawak, gamit ang hinahawakang keypad na may nakaumbok na Braille)
- Pagiging akma sa mga assistive device (mga aparatong nakatutulong sa mga botanteng may kapansanan), gaya ng mga paddle (aparatong pangpindot sa pamamagitan ng paa), sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga), at mga head-pointer (aparatong pangpindot na nakalagay sa ulo)
- Madaling pagpi-print ng minarkahang mga balota (para sa seguridad, hindi nag-iimbak o nagpapadala ng datos tungkol sa boto ang mga kagamitang pang-marka ng balota)

Ang bawat lugar ng botohan ay mayroong kagamitan para sa aksesibleng pagboto, gaya ng mga lente, panulat na pang-marka ng balota na madaling hawakan, mga booth sa pagboto na maaaring ma-access ng wheelchair, at maupuan habang bumoboto.

Nagsusumikap ang Departamento ng mga Eleksyon na siguraduhing ang lahat ng lugar ng botohan ay ADA accessible (aksesible sa may kapansanan) sa bawat eleksyon. Para makumpirma kung aksesible ba ang kanilang lugar ng botohan, maaaring i-check ng mga botante ang likod na pabalat ng kanilang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante o makipag-ugnay sa Departamento.

Kung hindi makapasok ang botante sa isang lugar ng botohan sa anumang kadahilanan, maaari nilang hilinging bumoto “curbside” o sa gilid ng daan sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o sa pagpapapunta sa kanilang kasama sa loob ng botohan para ibigay ang kanilang impormasyon bilang botante sa manggagawa sa botohan. Kasunod niyon, dadalhin sa botante ng manggagawa sa botohan ang balota at mga kagamitan sa pagboto at magbibigay tulong sa botante, kung kinakailangan.

C. Pag-deliver o paghatid sa balota

Sa loob ng 29 na araw para sa maagang pagboto bago ang Araw ng Eleksyon, maaaring i-awtorisa ng mga botante ang isang kasama sa bahay o kapamilya na edad higit 16 para kunin ang kanilang balota sa Departamento ng mga Eleksyon.

Sa huling linggo sa panahon ng maagang pagboto, ang mga botanteng nasa ospital o hindi makalabas ng bahay ay maaaring humiling ng ballot delivery o na mahatiran ng balota. Maaaring direktang ideliver ng manggagawa ng Departamento ng mga Eleksyon ang balota sa botante o sa inawtorisang kinatawan, gaya ng caregiver o manggagawa sa ospital.

Makukuha ang mga form para i-awtorisa ang ibang tao para kunin o ihatid ang balota ng isang botante sa sfelections.org/ballotservices o sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento.

4. Karapatan sa Pribadong Balota

Ang lahat ng botante ay may karapatang bumoto nang pribado. Maaaring hilingin, o magsama ang botante ng hanggang sa dalawang tao, maliban lang sa employer (tagapag-empleyo), kinatawan ng employer, o kinatawan ng unyon ng botante, para tulungan sila sa pagboto. Labag sa batas na sabihan ang botante ng taong tumutulong sa kanya kung paano siya boboto o sabihin sa iba ang mga napili ng botante.